# *Pakikisama Yugto 1*

***"5 At ito ang pasabing aming narinig sa kaniya at sa inyo'y aming ibinabalita, na ang Dios ay ilaw, at sa kaniya'y walang anomang kadiliman. 6 Kung sinasabi nating tayo'y may pakikisama sa kaniya at nagsisilakad tayo sa kadiliman, ay nangagbubulaan tayo, at hindi tayo nagsisigawa ng katotohanan: 7 Nguni't kung tayo'y nagsisilakad sa liwanag, na gaya niyang nasa liwanag, ay may pakikisama tayo sa isa't isa, at nililinis tayo ng dugo ni Jesus na kaniyang Anak sa lahat ng kasalanan." (1 Juan 1:5-7 KJV)***

***Pakikisama:*** Ito ay nangangahulugang espiritwal na pakikipag-isa, sama-samang pakikipagtulungan, sama-samang pagbabahagi at pagtutulungan. Kapag ang mga tao ay nagkakatipon, nangangahulugan ito na mayroong isang bagay sa pagitan nila na nag-uugnay sa kanila. Halimbawa, kung mapapansin natin ang mga tao sa mundo, makikita natin silang nagtitipon ayon sa kanilang mga propesyon. Tulad ng makikita natin ang mga inhinyero na magkakasama sa isang grupo, mga guro na nagkakatipon sa isang pangkat, mga nars na kabilang sa ibang pangkat, at iba pa. Sa mundo, makikita mong nagkakatipon ang mga tao dahil sa isang tiyak na karaniwang interes o benepisyo. Pero sa kaugnay na kahulugan ng simbahan, makikita natin ang mga tao mula sa iba't ibang kabansaan, pinagmulan, wika, at makikita rin ang mga tao mula sa iba't ibang katayuan sa lipunan at iba't ibang propesyon at negosyo. Kaya ano ang karaniwang bagay sa pagitan natin? At ano ang mga ugnayan na nag-uugnay sa atin, at paano tayo bilang mga Cristiano ay maaaring magkaroon ng pakikipag-isa?

***1. Tayo'y mga anak ng parehong Dios: "12 Datapuwa't ang lahat ng sa kaniya'y nagsitanggap, ay pinagkalooban niya sila ng karapatang maging mga anak ng Dios, sa makatuwid baga'y ang mga nagsisisampalataya sa kaniyang pangalan: 13 Na mga ipinanganak na hindi sa dugo, ni sa kalooban ng laman, ni sa kalooban ng tao, kundi ng Dios." (Juan 1:12-13 KJV)*** d Dahil ibinigay sa atin ng Panginoon ang kapanganakan sa pamamagitan ng Kanyang Banal na Espiritu at tinanggap tayo upang maging Kanyang mga anak, kailangan nating sundin ang Kanyang mga utos at mamuhay ayon sa Kanyang Salita. Kailangan nating mamuhay bilang mga anak ng liwanag. ***"8 Sapagka't noong panahon kayo'y kadiliman, datapuwa't ngayon kayo'y kaliwanagan sa Panginoon: magsilakad kayong gaya ng mga anak ng kaliwanagan: 9 (Sapagka't ang bunga ng kaliwanagan ay nabubuo ng kabutihan at katuwiran at katotohanan;)" (Epeso 5:8-9 KJV)*** Kung ang isang Cristiano ay gagawa at magpapatupad ng kasamaan, hindi natin siya maaaring isaalang-alang sa mga anak ng Dios at hindi natin maaaring makipagg isang Cristiano sa kanya. Tulad ng sinabi ni Jesus sa ilan sa kanila; kayo ay hindi mga anak ng Dios kundi ng diablo, ***"44 Kayo'y sa inyong amang diablo, at ang mga nais ng inyong ama ang ibig ninyong gawin. Siya'y isang mamamatay-tao buhat pa nang una, at hindi nananatili sa katotohanan, sapagka't walang katotohanan sa kaniya. Pagka nagsasalita siya ng kasinungalingan, ay nagsasalita siya ng sa ganang kaniya: sapagka't siya'y isang sinungaling, at ama nito." (Juan 8:44 KJV)***

***2. Tayo'y binili ng parehong halaga: "19 O hindi baga ninyo nalalaman na ang inyong katawan ay templo ng Espiritu Santo na nasa inyo, na tinanggap ninyo sa Dios? at hindi kayo sa inyong sarili; 20 Sapagka't kayo'y binili sa halaga: luwalhatiin nga ninyo ng inyong katawan ang Dios." (1 Corinto 6:19-20 KJV)*** Nagkakaisa tayo sa pakikipagkaisa dahil binili tayo ni Jesus at binayaran Niya ang halaga para sa ating mga kasalanan; si Jesus ay namatay sa krus, inilibing, at muling nabuhay sa ikatlong araw upang bigyan ng buhay na walang hanggan ang bawat naniniwala sa Kanya at sumusunod sa Kanyang mga yapak sa kanilang buhay. Para sa ganoong halaga binili tayo ni Jesus para sa ating mga kasalanan sa krus, nais Niya na parangalan natin ang Dios sa ating buhay at sa ating mga katawan. Sa ating pakikiisa sa kapwa Cristiano, nakikita natin na hindi dapat magkaroon ng anumang palatandaan ng imoralidad ng pangangalunya. ***"16 O hindi baga ninyo nalalaman na ang nakikisama sa patutot, ay kaisang katawan niya? sapagka't sinasabi niya, Ang dalawa ay magiging isang laman." (1 Corinto 6:16 KJV)*** Sa gayo'y paano naman ang pagkakaroon ng kasintahan, nobya, at yaong mga dumaan sa diborsyo at muling nagpakasal kung saan ay pangangalunya? Nasa kasamaan sila sa sekswal na imoralidad kaya kailangan natin silang turuan na talikuran ang ganitong relasyon upang maging malaya mula sa kasalanan ng sekswal na imoralidad upang makipagkaisa tayo sa kanila. Dapat din tayong magsuot ng disenteng damit at huwag hayaang nakalantad ang ating mga bahagi ng katawan. Gayundin, dapat nating linisin ang ating puso at isipan mula sa masasamang makamundong pagnanasa na alinsunod sa sinabi ni Jesus, ***"27 Narinig ninyong sinabi, Huwag kang mangangalunya: 28 Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, na ang bawa't tumingin sa isang babae na taglay ang masamang hangad ay nagkakasala, na ng pangangalunya sa kaniyang puso. 29 At kung ang kanan mong mata ay nakapagpapatisod sa iyo, ay dukitin mo, at iyong itapon: sapagka't may mapapakinabang ka pa na mawala ang isa sa mga sangkap ng iyong katawan, at huwag ang buong katawan mo ay mabulid sa impierno." (Mateo 5:27-29 KJV)***

***3. Tayo'y kasapi ng iisang katawan: "30 Sapagka't tayo ay mga sangkap ng kaniyang katawan." (Epeso 5:27-29 KJV)*** Ang ating Panginoong JesuCristo ang pinuno ng simbahan, na kung saan ay Kanyang katawan. ***"18 At siya ang ulo ng katawan, sa makatuwid baga'y ng iglesia; na siya ang pasimula, ang panganay sa mga patay; upang sa lahat ng mga bagay, ay magkaroon siya ng kadakilaan." (Colosas 1:18 KJV)*** Nagkakaroon tayo ng pagkakaisa dahil tayo ay mga kasapi ng katawan ni Cristo. Kaya ang ating pagkakaisa ay dapat magpalakas at magpatibay sa simbahan.

***4. Tayo ay ginagabayan ng iisang Espiritu Santo: "13 Gayon ma'y kung siya, ang Espiritu ng katotohanan ay dumating, ay papatnubayan niya kayo sa buong katotohanan: sapagka't hindi siya magsasalita ng mula sa kaniyang sarili; kundi ang anomang bagay na kaniyang marinig, ang mga ito ang kaniyang sasalitain: at kaniyang ipahahayag sa inyo ang mga bagay na magsisidating." (Juan 16:13 KJV)*** Ang ating pagkakaisa ay itinatag at pinangangasiwaan ng Banal na Espiritu. Ang Banal na Espiritu ang Espiritu ng katotohanan na magtuturo sa amin upang gawin ang mga bagay na nais ng Dios na gawin natin. Bilang mga mananampalataya, dapat tayong patnubayan ng Banal na Espiritu, ***"14 Sapagka't ang lahat ng mga pinapatnubayan ng Espiritu ng Dios, ay sila ang mga anak ng Dios." (Roma 8:14 KJV)*** Kabaligtaran sa Banal na Espiritu na nagbubuklod sa atin bilang mga anak ng Dios, may mga masasamang espiritu ng kapangyarihan ng kadiliman, mga demonyo at si Satanas na naglilihis sa atin. Kailangan nating maging maingat sa kanila; ***"1 Nguni't hayag na sinasabi ng Espiritu, na sa mga huling panahon ang iba'y magsisitalikod sa pananampalataya, at mangakikinig sa mga espiritung mapanghikayat at sa mga aral ng mga demonio, 2 Sa pamamagitan ng pagpapaimbabaw ng mga tao na nagsisipagsalita ng mga kasinungalingan, na hinerohan ang kanilang mga sariling budhi ng waring bakal na nagbabaga;" (1 Timoteo 4:1-2 KJV)*** Ang ating pakikisama ay hindi dapat maputol o maabala ng masasamang espiritu. Ito ay mangyayari kung may kasalanan sa katawan ni Cristo; sa ganitong paraan ay makakahanap ng pagkakataon ang masasamang espiritu upang makialam. Ang ating pakikisama ay isang papagkakaisa ng kabanalan kung saan nananahan ang Dios sa kalagitnaan ng Kanyang mga banal na bayan.

***5. Tayo'y nabubuhay sa pamamamgitan ng parehong pananampalataya: "7 (Sapagka't nagsisilakad kami sa pamamagitan ng pananampalataya, hindi sa pamamagitan ng paningin;)" (2 Corinto 5:7 KJV)*** Tayo'y mga taong dapat magtiwala sa Dios at ipapakita natin ang tunay na pananampalataya sa Kanya sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang Salita. Ipinamumuhay natin ang aming mga buhay na umaasa sa Dios at hindi tayo natatakot o nawawalan ng pagasa sa pagtingin sa mga kaganapan sa paligid namin. Umaasa tayo sa Dios na nangako na sasamahan Niya tayo palagi hanggang sa katapusan ng panahon.

***6. Tayo'y nangaglilingkod sa iisang Panginoon, ang Panginoong JesuCristo: "8 Datapuwa't kayo'y huwag patawag na Rabi: sapagka't iisa ang inyong guro, at kayong lahat ay magkakapatid." (Mateo 23:8 KJV)*** Kay Cristo tayo'y magkakapatid, at ang ugnayan ng pagkakaisa sa ating pagitan ay yaong tayo'y naglilingkod sa isang Panginoon, si JesuCristo. Ngunit ang paglilingkod sa Panginoon ay dapat alinsunod sa Salita ng Dios at sa mga alituntunin ni Cristo. ***"5 At kung ang sinoman ay makikipaglaban naman sa mga laro, ay hindi pinuputungan maliban na kung makipaglabang matuwid." (2 Timoteo 2:5 KJV)***

***7. Tayo'y tagapagmana ng parehong mana: "17 At kung mga anak, ay mga tagapagmana nga; mga tagapagmana sa Dios, at mga kasamang tagapagmana ni Cristo; kung gayon nga makipagtiis tayo sa kaniya, upang tayo'y lumuwalhati namang kasama niya." (Roma 8:17 KJV)*** Tayong na kay Cristo Jesus ay may mana sa Langit gaya ng sinasabi ng Salita ng Dios sa atin, ***"4 Sa isang manang di nasisira, at walang dungis, at hindi kumukupas, na inilaan sa langit para sa inyo, 5 Na sa kapangyarihan ng Dios ay iniingatan sa pamamagitan ng pananampalataya sa ikaliligtas na nahanda upang ihayag sa huling panahon." (1 Pedro 1:4-5 KJV)*** Ito ay magpapalakas ng pakikipagkaisa sa pagitan natin bilang mga anak ng Dios, at magbibigay sa atin ng pag-asa na magpapahintulot sa atin na patuloy na mamuhay sa kabanalan para sa Kanyang pangalan, upang isang araw kapag si Jesus ay dumating ay makasama natin Siya sa Langit.

***"25 Na huwag nating pabayaan ang ating pagkakatipon, na gaya ng ugali ng iba, kundi mangagaralan sa isa't isa; at lalo na kung inyong namamalas na nalalapit na ang araw." (Hebreo 10:25 KJV)***

Itinuturo sa atin ng Salita ng Dios na patuloy tayong magkita-kita at makipag-ugnayan sa isa't isa hindi bilang isang kinagawian lamang kundi para sa isang mabuting dahilan. Nais ng Dios na tayo'y magtagpo at ipagpatuloy itong gawin para sa isang marangal na layunin dahil makikita natin na papalapit na ang araw. Ano ang ibig sabihin ng salita, ***"na nalalapit na ang araw."*** ay ang pangalawang pagparito ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si JesuCristo. Dumating ang Panginoong Jesus halos 2000 taon na ang nakalipas. Siya ay namatay sa krus para sa ating mga kasalanan. Siya ay inilibing ngunit nabuhay mula sa mga patay sa ikatlong araw upang bigyan ng buhay na walang hanggan ang mga nananampalataya sa Kanya at sumusunod sa Kanyang mga yapak sa kanilang buhay. Matapos ang pagkabuhay na muli ni Jesus, Siya ay umakyat sa Langit at ngayon ay nasa kanang kamay ng Dios Ama, at Siya ay muling darating upang kunin ang mga kabilang sa Kanya, upang makasama Siya magpakailanman.

Si Pablo sa kanyang liham sa simbahan sa Tesalonica ay sumulat tungkol sa ikalawang pagparito ni Jesus: ***"13 Nguni't hindi namin ibig na kayo'y di makaalam, mga kapatid, tungkol sa nangatutulog; upang kayo'y huwag mangalumbay, na gaya ng mga iba, na walang pagasa. 14 Sapagka't kung tayo'y nagsisisampalatayang si Jesus ay namatay at nabuhay na maguli, ay gayon din naman ang nangatutulog kay Jesus ay dadalhin ng Dios na kasama niya. 15 Sapagka't ito'y sinasabi namin sa inyo sa salita ng Panginoon, na tayong nangabubuhay, na nangatitira hanggang sa pagparito ng Panginoon, ay hindi tayo***

***mangauuna sa anomang paraan sa nangatutulog. 16 Sapagka't ang Panginoon din ang bababang mula sa langit, na may isang sigaw, may tinig ng arkanghel, at may pakakak ng Dios: at ang nangamatay kay Cristo ay unang mangabubuhay na maguli; 17 Kung magkagayon, tayong nangabubuhay, na nangatitira, ay aagawing kasama nila sa mga alapaap, upang salubungin ang Panginoon sa hangin: at sa ganito'y sasa Panginoon tayo magpakailan man." (1 Tesalonica 4:13-17 KJV)*** Kaya kapag nagkakatipon tayo bilang isang simbahan, pinapalakas natin ang isa't isa sa pamamagitan ng mga pangakong ito ng Dios; na darating si Jesus upang dalhin tayo sa Kanya sa Langit.

Kaya ang mga sumusunod ay mga karagdagang layunin para sa ating pagkakaisa at kung bakit nais ng Dios na magtipon tayo nang mas madalas"

***A. Upang ibahagi ang karanasan at patotoo: "11 At siya'y kanilang dinaig dahil sa dugo ng Cordero, at dahil sa salita ng kanilang patotoo, at hindi nila inibig ang kanilang buhay hanggang sa kamatayan." (Pahayag 12:11 KJV)*** Ang patotoo ay ang ating karanasan kasama ang Dios at kung ano ang ginawa ng Panginoon para sa atin sa ating buhay. Ang pagbabahagi ng patotoo ay maaaring maging dahilan upang hikayatin ang iba na manalangin nang higit at magtiwala sa Dios para sa isang himala sa kanilang buhay at magsimulang maglingkod sa Kanya.

***B. Upang ibahagi ang Kagalakan: "15 Makigalak kayo sa nangagagalak; makiiyak kayo sa nagsisiiyak." (Roma 12:15 KJV)*** Habang naririnig natin ang mga patotoo ng iba at nakikita kung paano sila pinagpala ng Dios, nararanasan natin ang parehong Kagalakan na mayroon sila. Sinumang tao sa pamilya ng Dios na tumanggap ng isang pagpapala ang kanyang patotoo ay ibabahagi sa iba. Kaya't tayo ay nagagalak kasama ng mga nagagalak.

***C. Makiiyak kasama ng mga nagsisiiyak: "15 Makigalak kayo sa nangagagalak; makiiyak kayo sa nagsisiiyak." (Roma 12:15 KJV)*** Ang isa pang layunin ng ating pagsasama-sama ay umalalay sa mga may pinagdadaanan at pasanin kasama nila ang bagong malulungkot na pangyayari na nangyari sa kanilang buhay. Kailangan nating ipakita ang pakikiramay sa mga may problema at maghandog sa kanila ng tulong at suporta. ***"17 Datapuwa't ang sinomang mayroong mga pag-aari sa sanglibutang ito, at nakikita ang kaniyang kapatid na nangangailangan, at doo'y ipagkait ang kaniyang awa, paanong mananahan ang pagibig ng Dios sa kaniya?" (1 Juan 3:17 KJV)*** Sa ating pakikisama, binibigyan natin ng babala ang mga tumatakbo sa maling paraan ng pamumuhay. Tinutuligsa natin sila at tinuturuan natin silang itama ang kanilang landas. Sa ating pakikisama, hinihikayat natin ang mga mahihiyain; ang mga may takot ay ating hinihikayat sa pamamagitan ng Salita ng Dios, na ang Panginoon ay kasama nila at may mabuti Siyang plano para sa kanila. Sa ating pakikisama, tinutulungan natin ang mahihina; ang mga may mababaw na pananampalataya at nahaharap sa mga pagsubok sa kanilang buhay ay kailangan nating tumayo sa kanilang tabi at tulungan silang malampasan ang kanilang mahihirap na panahon.

***D. Upang magpaalala, upang maghikayat at tumulong: "14 At aming ipinamamanhik sa inyo, mga kapatid, na inyong paalalahanan ang mga manggugulo, palakasin ang mga mahihinang-loob, alalayan ang mga mahihina, at maging mapagpahinuhod kayo sa lahat." (1 Tesalonica 5:14 KJV)*** Sa ating pakikisama, binibigyan natin ng babala ang mga namumuhay sa maling paraan ng pamumuhay. Sinasaway natin sila at tinuturuan natin silang ituwid ang kanilang landas. Sa ating pakikisama, hinihikayat natin ang mga mahihinang-loob; ang mga may takot ay ating hinihikayat sa pamamagitan ng Salita ng Dios, na ang Panginoon ay kasama nila at may mabuti Siyang plano para sa kanila. Sa ating pakikisama, tinutulungan natin ang mahihina; ang mga may mababaw na pananampalataya at nahaharap sa mga pagsubok sa kanilang buhay ay kailangan nating tumayo sa kanilang tabi at tulungan silang malampasan ang kanilang mahihirap na panahon.

***E. Mangagibigan sa isa't isa: "34 Isang bagong utos ang sa inyo'y ibinibigay ko, na kayo'y mangagibigan sa isa't isa: na kung paanong iniibig ko kayo, ay mangagibigan naman kayo sa isa't isa. 35 Sa ganito'y mangakikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay aking mga alagad, kung kayo'y may pagibig sa isa't isa." (Juan 13:34-35 KJV)*** Tinawag tayo ng Dios na may pagkakaisa sa pagibig at magmalasakit sa isa't isa. Ipakita ang ating pagibig sa paglilingkod sa isa't isa. ***"9 Datapuwa't tungkol sa pagiibigang kapatid ay hindi ninyo kailangan na kayo'y sulatan ng sinoman: sapagka't kayo rin ay tinuruan ng Dios na mangagibigan kayo sa isa't isa; 10 Sapagka't katotohanang ginagawa ninyo ang gayon sa lahat ng kapatid na nangasa buong Macedonia. Nguni't aming iniaaral sa inyo, mga kapatid, na kayo'y lalo't lalong magsipanagana." (1 Tesalonica 4:9-10 KJV)***

***F. Upang matutong magkakasama: "42 At sila'y nagsipanatiling matibay sa turo ng mga apostol at sa pagsasamasama, sa pagpuputolputol ng tinapay at sa mga pananalangin." (Mga Gawa 2:42 KJV)*** Dapat nating mahalin ang pagkakaisa na nasa paligid ng Salita ng Dios. Kailangan nating ialay ang ating sarili sa pag-aaral ng Kanyang Salita, manalangin nang magkakasama at makipagniig sa Panginoon sa pamamagitan ng pagbahagi-bahagi ng tinapay at pagbabahagi ng kopa sa isang karapat-dapat na paraan.

***G. Upang pagtibayin ang isa't isa: "11 Dahil dito kayo'y mangagpangaralan, at mangagpatibayan sa isa't isa sa inyo, gaya ng inyong ginagawa." (1 Tesalonica 5:11 KJV)*** Ang layunin ng ating pagkakapatiran ay ang magtulungan; nagkakatipon tayo hindi upang manakit, manirang-puri ng paninirang-puri, o lamunin ang isa't isa kundi ang layunin at hangarin ay patatagin at pagyamanin ang isa't isa.

***Sa aking Mahal at Minamahal: "7 Nguni't kung tayo'y nagsisilakad sa liwanag, na gaya niyang nasa liwanag, ay may pakikisama tayo sa isa't isa, at nililinis tayo ng dugo ni Jesus na kaniyang Anak sa lahat ng kasalanan." (1 Juan 1:7 KJV)*** Ang ating ugnayan at pakikisama sa isa't isa ay nakasalalay sa ating tamang relasyon sa Dios na nakabatay sa pananampalataya at pagsunod sa ating Panginoon at sa Kanyang Salita. Kaya't mamuhay tayo sa kabanalan at iwasan ang bawat uri ng kasalanan upang ang diablo at mga demonyo ay malayo sa ating pakikisama. Ipagpatuloy natin at tiyakang panatilihin ang pakikisama sa isa't isa at ang mga sangkap na itinakda ng Dios para sa pakikisamang ito. Ipagpatuloy natin na sundin ang layunin ng pakikisamang ito upang matupad ang kalooban ng Dios sapagkat kung magpupursigi tayo ay matatanggap natin ang mga pagpapala ng tunay na pakikisama ng mga mananampalataya. Tayo'y manalangin …

***Ang Panalangin:*** *Amang Dios, Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong Salita at sa iyong pagtuturo sa akin tungkol sa pakikiasma. Salamat Panginoon para sa lahat ng mga pagsaway, sa pagtutuwid, at mga pagpapayong tinanggap namin mula sa iyo.*

*Ipahayag ngayon ang lahat ng iyong mga kasalanan at talikdan ang mga ito. Ipahayag at isuko ang iyong katigasan ng ulo at pagiging matigas ang ulo, ang iyong kayabangan at paggawa ng sariling kagustuhan. Isuko ang lahat ng iyong kasinungalingan, pandaraya, iyong pagnanasa at imoralidad, iyong inggit at paninibugho, iyong pagiging makasarili at kakulangan sa pagmamahal. Magsisi sa pakikisama ng mga hindi mananampalataya, pagkakaroon ng maraming kaibigan, palaging pagsasayang ng oras sa Media, Balita at mga laro, at ikaw ay malayo sa pakikipag-sambayanan sa simbahan. Ipahayag at isuko ang iyong kakulangan sa pagbabasa ng Salita ng Dios at kakulangan sa pananalangin. Panginoon, Ipahayag ko at isinuko ang mga sumusunod na kasalanan _______________. Panginoon, Ipahayag ko at isinuko ang mga sumusunod na maling pagkakaibigan at relasyon _______________. Panginoon, ako ay bumabalik sa iyo at sa iyong simbahan, Panginoon patawarin mo ako sa aking mga kasalanan, ako ay nagsisisi sa lahat ng ito.*

*Panginoon, iniaalay ko ang aking sarili sa mga tuntuning aking natutunan mula sa mensaheng ito. Panginoon, iniaalay ko ang aking sarili na huwag makipag-ugnayan sa mga kaibigang hindi nakakakilala sa iyo at sa mga hindi naniniwala. Panginoon, tulungan mo akong mapanatili ang tamang ugnayan sa iyo at manatili sa iyong Salita, at magkaroon ng pagkakaibigan sa aking mga kapatid kay Cristo. Panginoon, gabayan mo ako sa iyong Salita at tulungan mo akong maging bahagi ng samahan ng simbahan at epektibong makibahagi dito. Panginoon, tulungan mo akong magpatuloy sa paglakad sa makipot na daan at sa makitid na daan, Panginoon, protektahan mo ako at ibigay ang lahat ng aking pangangailangan upang patuloy kitang paglingkuran. Ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon, salamat po sa lahat ng aking mga kapatid na lalaki at babae na nagsisisi sa kanilang mga kasalanan at inialay ang kanilang buhay sa pagsunod sa iyo at paglakad sa iyong mga daan upang magkaroon ng pakikipagkapwa sa mga kasapi ng iyong pamilya, ang simbahan. Panginoon, hubugin mo sila sa iyong Salita at bigyan sila ng mas maraming bunga ng Espiritu upang makita ka ng mga tao sa kanilang buhay at gawing mabuting patotoo sa iba upang sundan ka.*

*Panginoon, pagpalain mo kami bilang isang simbahan at pagpalain ang aming pakikisama at palakasin ang mga ugnayan sa pagitan namin ayon sa iyong Salita at sa iyong kalooban sa aming buhay. Panginoon, pangunahan mo kami upang higit na mangagibigan at magmalasakit sa isa't isa at upang mamuhay sa kabanalan. Panginoon, gabayan mo kami mapayo sa mga nasa kasalanan at itama sila marahil sila'y magsisi at bumalik sa iyo. Panginoon, ipagkaloob mo sa amin ang bunga ng Banal na Espiritu, pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, kababaang-loob, pagpipigil sa sarili, kahinahunan, pagtitiyaga, mahabang pagtitiis, pananampalataya at katapatan upang magpatuloy at paglingkuran ka sa mas mabuting paraan na naglalarawan ng katangian ni Jesus sa aming buhay sa pagtulong sa aming mga kapatid na may pinagdaraanan, na nangangailangan ng aming mga kamay, pagsisikap, tulong at panalangin. Panginoon, puspusin mo kaming muli ng Banal na Espiritu at pagkalooban ng mga espirituwal na kaloob na kailangan namin sa aming buhay upang magpatuloy at paglingkuran ka, upang mangaral, gumawa ng bagong alagad, magturo ng bagong manggagawa, at magtatag ng bagong pag-aaral sa Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan at upang maabot ang bagong mga tao at bagong lugar. Panginoon, ihanda mo kami sa iyong pagdating, upang kami ay sumama sa iyo kapag ikaw ay dumating. Panginoon, tuparin mo ang pananaw ng simbahan, Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Diys. Panginoon, pagpalain mo kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo mo kami sa kapahamakan*

*upang hindi namin maramdaman ang sakit. Nawa'y ang biyaya ng Panginoong JesuCristo at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikiisa ng Banal na Espiritu ay sumaatin lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com